★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 63 ★

ANG PROPOSISYON 63 AY MAGPAPANATILI SA ATIN NA MAS LIGTAS SA PAMAMAGITAN NG PAGBAWAS SA KARAHASANG KAUGNAY NG BARIL

Mga pulis sa Dallas na ginagawa ang kanilang trabaho . . .. Isang panggabing klab sa Orlando . . .. Isang pagtitipon ng opisina sa piyesta opisyal sa San Bernardino . . .. Isang simbahan sa Charleston . . .. Isang sinehan sa Aurora . . .. Isang paaralang elementarya sa Newtown . . ..

Ano ang kasunod? Ilan pang tao ang kailangang mamatay mula sa karahasang kaugnay ng baril bago tayo gumawa ng matapang na aksiyon upang magligtas ng mga buhay?

Higit sa 300 Amerikano ang nababaril bawat araw, higit sa 80 sa kanila ay namamatay.

Higit sa 1 milyong Amerikano ang napatay o seryosong napinsala ng mga baril mula 2004–20I4.

TAMA NA!

Panahon na upang umaksiyon upang panatilihin ang mga baril at bala na wala sa mga maling kamay.

Proposisiyon 63—ang Batas na Kaligtasan para sa Lahat—ay magliligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagsasara ng mga butas upang pigilan ang mga mapanganib na kriminal, mga domestikong nang-aabuso, at ang mga mapanganib na may sakit sa isip mula sa pagkuha at paggamit ng mga nakamamatay na sandata.

ANG PROPOSISYON 63 AY:

- Magtatanggal ng mga bawal na baril mula sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga mapanganib na kriminal at domestikong nang-aabuso ay nagbebenta o naglilipat ng kanilang mga barili pagkatapos nilang mahatulan.
- Mag-aatas sa anumang negosyo na nagbebenta ng bala na iulat kung ang bala ay nawala o ninakaw.
- Mag-aatas sa mga tao na bigyan ng paunawa ang mga tagapagpatupad ng batas kung ang kanilang mga baril ay nawala o ninakaw, bago mapapunta ang mga sandata sa mga maling kamay.
- Titiyakin na ang mga taong nahatulan ng pagnanakaw ng baril ay hindi karapat-dapat mag-ari ng mga baril.
- Palakasin ang ating mga sistema ng pagsusuri ng kasaysayan at titiyakin na ang mga tagapagpatupad ng batas ng California ay nagbabahagi ng mga datos tungkol sa mga mapanganib na tao sa FBI.

Ang Proposisyon 63 ay nagpapanatili ng mga baril at bala na wala sa mga maling kamay, habang nagpoprotekta sa mga karapatan ng masunurin sa batas na mga Taga-California na mag-ari ng mga baril para sa pagtatanggol sa sarili, pangangaso, at libangan.

Sa ngayon, libu-libong mapanganib na kriminal ang nananatiling labag sa batas na armado dahil hindi natin tinitiyak na ang mga taong nahatulan ng mararahas na krimen na talagang isinuko nila ang kanilang mga baril pagkatapos mahatulan. Ang Kagawaran ng Hustisya ay tumukoy ng higit sa 17,000 kriminal at ibang mapanganib na mga tao na may higit sa 34,000 baril, kabilang ang higit sa 1,400 sandatang pang-atake.

Ang pagpasa ng Proposisyon 63 ay kakatawan sa isang makasaysayan at kauna-unahang hakbang patungo sa kaligtasan sa baril.

ANG MGA LIDER SA BUONG CALIFORNIA AY SUMUSUPORTA SA PROPOSISYON 63, KABILANG ANG MGA SUMUSUNOD:

• Tenyente Gobernador Gavin Newsom • Senadora ng U.S. Dianne Feinstein • Sentro ng Batas Upang Pigilan ang Karahasang Kaugnay ng Baril • Partidong Demokratiko ng California • Kalihim ng Estado Alex Padilla • Ispiker na Emeritus ng Asembleya Toni Atkins • Ispiker na Emeritus ng Asembleya John Pérez • Syerip Vicki Hennessy, San Francisco • Dating Hepe ng Pulisya Ken James, Emeryville • SEIU • Liga ng mga Babaing Botante ng California • Mga Batang Demokratiko ng California • Pederasyon ng mga Guro ng California • Lupon ng Edukasyon ng San Francisco • Equality California • Courage Campaign • Amerikanong Kolehiyo ng mga Doktor ng California • Amerikanong Kolehiyo ng mga Pang-emerhensiyang Doktor ng California • Kapisanan sa Pampublikong Kalusugan ng Southern California • Nagkakaisang Klero at Karaniwang mga Tao para sa Hustisyang Pangkabuhayan • Koalisyon Laban sa Karahasang Kaugnay ng Baril • Mga Rabbi Laban sa Karahasang Kaugnay ng Baril • Mga Estadong Nagkakaisa Upang Pigilan ang Karahasang Kaugnay ng Baril • Patigilin ang Karahasang Kaugnay ng Baril • Itigil ang Ating mga Pagputok • Mga Babae Laban sa Karahasang Kaugnay ng Baril • Youth Alive!

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman mangyaring bisitahin ang *www.SafetyforAll.com.*

GAVIN NEWSOM, Tenyente Gobernador ng California

DIANNE FEINSTEIN, Senadora ng Estados Unidos

ROBYN THOMAS, Tagapagpaganap na Direktor
Sentro ng Batas Upang Pigilan ang Karahasang Kaugnay ng Baril

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 63 ★

Ang mga terorista ay hindi sumusunod sa batas!

Si Gavin Newsom ay tumatangging kilalanin na ang pag-atake sa Orlando at San Bernardino ay inspirado ng ISIS na radikalismong Islamiko. Ito ang kaparehong paniniwala na nagbuyo ng mga 9/11 na pag-atake ng terorista na pumatay ng 2,996 na inosente.

Ang paggamit sa mga pag-atake ng terorista upang itulak ang mga batas na nakakaapekto sa mga kalayaang sibil ng mga taong masunurin sa batas ay mapanligaw, mali, at mapanganib.

Wala sa mga iminungkahing batas na pipigil sa mga pag-atake ng terorista. Ang katotohanan ay laging makakahanap ang mga terorista ng mga paraan upang maghasik ng kaguluhan, isang panggupit ng kahon sa isang eruplano noong 9/11, isang gawang-bahay na bomba sa Boston, o isang trak sa Nice, France. Ang mga terorista at kriminal ay kumukuha ng mga sandata mula sa palihim na pamilihan, ginagawa ang mga ito, o ninanakaw ang mga ito mula sa mga mamamayang masunurin sa batas.

Bawat isa ay sumasang-ayon na ang pagpigil sa mga sandala na bumagsak sa mga maling kamay ay napakahalaga. Lahat tayo ay nababahala sa lumalaking terorismo at radikalisasyon.

Pero, HINDI ang Prop. 63 ang sagot.

Ang paggasta ng sampu-sampung milyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis taun-taon sa walang-silbing mga listahan ng bawat isang bumibili at nagbebenta ng bala ay naglilihis ng napakahalagang mga tagapagdulot at pokus palayo sa mabibisang pagsisikap laban sa terorismo, iniiwan ang publiko na mas mahina laban sa pag-atake at *MAS MABABA ANG KALIGTASAN.*

May dahilan kung bakit ang mga tagapagtupad ng batas ay lubos na sumasalungat sa Prop. 63.

Ang interes ng publiko ay mas mahusay na mapaglilingkuran kung ang mga tagapagdulot na ito ay ginamit upang turuan ang mas maraming Taga-California tungkol sa kung ano ang magagawa nila upang protektahan ang kanilang mga pamilya at komunidad laban sa mga pag-atake ng terorista o upang higit na sanayin ang mga tagapagpatupad ng batas na gawin ito.

Patigilin itong mapanganib na pag-abuso ng mga pampublikong tagapagdulot.

Bumoto ng HINDI sa Prop. 63!

ALON STIVI, Presidente
Direct Measures International, Inc.

WILLIAM "BILLY" BIRDZELL, Tagapagturo ng Anti-Terorismo sa Kapangyarihan ng mga Espesyal na Operasyon ng U.S.

RICHARD GRENELL, Pinakamatagal na naglingkod na Tagapagsalita ng U.S. sa Mga Nagkakaisang Bansa

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 63 ★

Ang Prop. 63 ay lubos na sinasalungat ng komunidad ng pagpapatupad ng batas at mga grupo ng mga karapatang sibil dahil ito ay magpapabigat sa mga mamamayang masunurin sa batas nang hindi pinipigilan ang mararahas na kriminal at terorista mula sa paggamit ng mga baril at bala.

Ang Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California, Kapisanan ng mga Kinatawang Abugado ng Distrito para sa County ng Los Angeles, Kapisanan ng mga Opisyal na Pangkapayapaan sa Pagwawasto ng California, Kapisanan ng mga Warden ng Isda at Maiilap na Hayop-Gubat, Kapisanan ng mga Nakareserbang Opisyal na Pangkapayapaan, at napakaraming ibang mga grupo sa pagpapatupad ng batas at sibiko, kumakatawan sa sampu-sampung libong propesyonal sa kaligtasan ng publiko sa buong California, ay nagkakaisa sa kanilang pagsalungat sa hindi mabisa, nagpapabigat, at magastos na mungkahi.

Ang Prop. 63 ay maglilihis ng kakaunting tagapagdulot ng pagpapatupad ng batas palayo sa lokal na pagpapatupad ng batas at labis na magpapabigat sa nagsisikip nang sistema ng hukuman sa pagpapatupad ng mga madepektong batas na gagawing kriminal ang hindi nakakasakit, masurin sa batas na mga mamamayan. Ang totoo, iniwan kamakailan ng New York ang pagpapatupad nito ng isang katulad na mungkahi pagkatapos na ipasa ito, natuklasan na ito ay imposibleng ipatupad at mabisang panatilihin.

Ang paggawa ng tunay na gumagana upang panatilihin ang kaligtasan ng publiko ay ang pinakamataas na priyoridad ng mga propesyonal sa pagpapatupad ng batas na naglalaan ng kanilang mga buhay sa pagprotekta sa mga Taga-California. Sa kasamaang-palad, hindi gagawin ng Prop. 63 na mas ligtas ang sinuman. Kasalungat nito, sa paglilipat ng mga tagapagdulot palayo sa mga hakbang na tunay na mabisa sa pagpigil ng mga elementong kriminal mula sa pagtatamo ng mga baril at bala, gagawin nitong mas mababa ang ating kaligtasan. Ang napakalaking pampublikong kakayahan na aaksayahin ng Prop. 63 ay dapat gamitin upang kumuha ng mga karagdagang opisyal at upang asintahin, imbestigahan, at usigin ang mga mapanganib na indibidwal at terorista.

Pagkatapos na masusing suriin ang pananalita ng Prop. 63, ang komunidad ng pagpapatupad ng batas ay nakatuklas ng maraming problema sa mga detalye. Dahil sa mahihigpit na limitasyon sa kakayahan ng Lehislatura na susugan ang pinagtibay-ng-botante na mga proposisyon, karamihan ng mga problemang ito ay magiging mahirap o imposibleng maayos ng Lehislatura kung ang Prop. 63 pumasa, isasadlak ang California sa mga pasanin at gastos nitong madepektong mungkahi habang panahon.

Sa pamamagitan ng pag-ikot sa Lehislatura, ang inisyatibong ito ay naglilimita sa mga propesyonal sa kaligtasan ng publiko sa pagbuo ng batas sa hinaharap na tunay na magtataguyod ng kaligtasan ng publiko. Ang mga nagbabayad ng buwis sa California ay hindi dapat mag-aksaya ng daan-daang milyong dolyar sa hindi mabisang mga batas na walang halaga sa pagpapatupad ng batas at makakasakit sa kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng paglihis ng mga kakayahan palayo sa mabibisang aktibidad sa pagpapatupad ng batas na napakahalaga sa kaligtasan ng publiko.

Mangyaring bisitahin ang *WWW.WHERESMYAMMO.COM* para sa karagdagang impormasyon.

MANGYARING BUMOTO NG HINDI SA PROP. 63.

DONNY YOUNGBLOOD, Presidente
Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California

KEVIN BERNZOTT, Punong Tagapagpaganap na Opisyal
Kapisanan ng mga Nakareserbang Opisyal na Pangkapayapaan ng California

TIFFANY CHEUVRONT, Pangunahing Opisyal
Koalisyon para sa Kalayaang Sibil

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 63 ★

Bilang mga opisyal sa pagpapatupad ng batas at kaligtasan ng publiko, hindi kami nagugulat na ang mga grupong tulad ng NRA at mga kasapi nito ay sumasalungat sa Proposisyon 63. Huwag magkamali, ang tinatawag umano na "Koalisyon para sa Kalayaang Sibil" sa katotohanan ay isang pangharap na grupo ng NRA.

Ang lobi ng baril ay madalas na nagsasabi na tayo ay dapat magpokus sa pagpapatupad ng mga kasalukuyang batas sa baril, at iyon ang eksaktong ginagawa ng inisyatibong ito— ang *Prop. 63 ay nagsasara ng mga butas at tumutulong na ipatupad ang mga kasalukuyang batas upang panatilihin ang mga baril at bala na wala sa mga maling kamay.*

Halimbawa, ang Prop. 63 *ay tumitiyak na ang mga mapanganib na nagkasala na pinagbabawalang mag-ari ng mga sandata ay sumusunod sa batas at inaalis ang kanilang mga baril.* Natuklasan ng mga propesyonal sa pagpapatupad ng batas na ang mga kriminal at mapanganib na tao ay kasalukuyang nag-aangkin ng libu-libong baril nang labag sa batas—kaya ang pagsasara ng butas na ito ay magliligtas ng mga buhay.

Ang Prop. 63 ay nag-aatas din *ng pag-uulat ng mga nawala o ninakaw na baril,* upang tulungan ang pulisya na pigilan ang mga sindikato ng pagtrapiko ng baril at mahanap ang mga cache ng mga bawal na sandata. Ang Prop. 63 ay tutulong sa pulisya na mabawi ang mga ninakaw na baril bago magamit ang mga ito sa mga krimen at ibalik ang mga ito sa mga tunay na may-ari.

Ang Prop. 63 ay nagpapabuti rin *ng mga sistema ng pagsusuri ng kasaysayan* upang mapigilan ng mga tagapagpatupad ng batas ang mga taong pinagbawalan na mag-angkin ng mga sandata—tulad ng mararahas na kriminal—mula sa pagbili ng mga baril at bala.

At ang Prop. 63 ay naglilinaw sa kasalukuyang batas upang ang anumang pagnanakaw ng baril ay isang peloni, *tinitiyak na ang mga taong nagnakaw ng mga baril ay hindi maaaring mag-angkin ng mga baril.* Iyon ay isa pang sentido-kumon na reporma upang magligtas ng mga buhay na lubos na sinusuportahan ng mga propesyonal sa pagpapatupad ng batas.

Ang Prop. 63 ay magsasara ng mga butas sa ating mga kasalukuyang batas at pipigil sa mga mapanganib na kriminal, domestikong nang-aabuso, at sa mapanganib na may sakit sa isip mula sa pagtatamo at paggamit ng mga nakamamatay sa sandata.

NANCY O'MALLEY, Abugada ng Distrito
County ng Alameda

JEFF ROSEN, Abugado ng Distrito
County ng Santa Clara

VICKI HENNESSY, Syerip
San Francisco